

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan – Modyul 3: Mabuting Pakikilahok



PAG-AARI NG PAMAHALAAN  
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikatlong Markahan – Modyul 3: Mabuting Pakikilahok**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

|                      |                                                    |                                |
|----------------------|----------------------------------------------------|--------------------------------|
| <b>Manunulat:</b>    | Rhoda S. Bordallo, Maria Fe P. Alas                |                                |
| <b>Editor:</b>       | Caridad P. Bagino, Ma. Shiela C. Adona             |                                |
| <b>Tagasuri:</b>     | David C. Alcober, Lita V. Jongco, Edna C. Malasaga |                                |
| <b>Tagaguhit:</b>    | Crisanto L. Lopera, Lemuel P. Valle Jr.            |                                |
| <b>Tagalapat:</b>    | Gualberto R. Gualberto Jr., Ana Lisa M. Mesina     |                                |
| <b>Tagapamahala:</b> |                                                    |                                |
|                      | Ma. Gemma M. Ledesma                               | Mariza S. Magan                |
|                      | Arnulfo M. Balane                                  | Edgar Y. Tenasas               |
|                      | Rosemarie M. Guino                                 | Mark Chester Anthony G. Tamayo |
|                      | Joy B. Bihag                                       | Gretel Laura M. Cadiong        |
|                      | Ryan R. Tiu                                        | Ranulfo L. Baay                |
|                      | Amenia C. Aspa                                     | Julieta L. Lim                 |

Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_

**Department of Education – Region No. VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 - 832 - 2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikatlong Markahan – Modyul 3:  
Mabuting Pakikilahok**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin

Ang pakikilahok at pagsali sa mga gawain at proyektong pampamayanan ay pagpapakita ng pakikiisa sa pangkat na kinabibilangan. Pagpapakita ito ng kamalayang pansibiko at mabuting pakikitungo sa ating kapwa.

Ang sumusunod na mga layunin ay ang tatalakayin sa modyul na ito:

- Napananatili ang pagkamabuting mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng pakikilahok;
- Nailalahad ang mga paraan ng pakikilahok sa mga gawaing pampamayanan na nagpapakita ng mabuting pag-uugali ng mga Pilipino; at
- Nakasusulat ng sariling karanasan tungkol sa pakikilahok sa mga gawaing pampamayanan.



## Subukin

**Gawain:** Isulat ang **Wasto** kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng tamang pagganap at pakikiisa sa mga programang pampamayanan at **Di-Wasto** kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Sumasali ako sa *Cultural Dance Contest* para sa darating na pista.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang magkakaibigan ay nagkaisang sumali sa patimpalak ng sayaw sa kanilang barangay.
- \_\_\_\_\_ 3. Hindi sumasali sa mga patimpalak dahil nahiihiya na humarap sa maraming tao.
- \_\_\_\_\_ 4. Buong pamilya nina Mang Carlos ay nagtanim ng mga puno bilang pakikilahok sa proyekto ng kanilang barangay.
- \_\_\_\_\_ 5. Tumutulong sa paglilinis ng paligid tuwing may *clean up drive* ang barangay.

## Aralin

# 1

## Mabuting Pakikilahok



### Balikan

**Panuto:** Lagyan ng **tsek** (✓) kung ang larawan ay nagpapakita ng disiplina at pakikilahok sa mga gawaing pansibiko at **ekis** (X) naman kung hindi.

Pagtatapon ng basura sa ilog



1. \_\_\_\_\_

Hindi nag-aaksaya ng tubig



3. \_\_\_\_\_

Pagsusulat sa pampublikong lugar



5. \_\_\_\_\_

Pagsali sa *fun run*




2. \_\_\_\_\_

Umiihi kung saan-saan



4. \_\_\_\_\_

Nakikipagkaibigan



6. \_\_\_\_\_



## Tuklasin

Basahin ang kwento. Tignan kung paano nakikilahok ang pamilya Reyes sa mga gawaing pampamayanan.

### Sumunod sa Protocol

Jeremiah G. Miralles

Isang umaga habang nag-aalmusal ang mag anak na Reyes ay nakikinig sila ng balita sa radyo. “Magandang umaga Pilipinas, narito ang mahalagang balita sa oras na ito. Parami ng parami ang namamatay sa COVID-19 sa loob at labas ng ating bansa. Hanggang sa ngayon wala pa ring tiyak na lunas para sa nakamamatay na sakit na ito.

Pinapaalamanan ang lahat na sumunod sa mga protocols: magsuot ng *face mask* at *face shield*, pagpapanatili ng *social distancing*, palagiang paghuhugas ng mga kamay o paggamit ng alkohol. Para sa mga kabataan at matatanda, kinakailangan silang manatili sa loob ng bahay. Delikado ang sakit na ito at hindi nakikita ang kalaban. Sundin ang mga paalala upang hindi mabiktima. Tandaan, *prevention is better than cure*.

Nanay: “Sana matapos na ang pandemyang ito.”

Tatay: “Kaya sumunod tayo sa mga gabay at paalala ng mga kinauukulan. Kung hindi susunod ang mga tao sa mga inuutos sa pamayanan lalong lalala ang sitwasyon.”

Anak: “Tay tumawag po sa akin ang aking kaibigan. Maglalaro daw kami sa labas. Magbibisekleta daw po kami at dadalawin ang aming mga kaibigan. Ilang buwan na din po kasi na hindi kami nagkikita.”

Tatay: “Anak narinig mo ba ang balita ngayon sa radyo?”

Anak: “Opo tay, sinabihan ko po ang kaibigan na bawal po lumabas lalo sa sa mga katulad naming mga kabataan upang hindi po kami mahawa at makapagdala ng sakit. Pinayuhan ko din po ang aking kaibigan na dapat magsuot ng *face mask* kung sakaling lalabas kung kinakailangan. Sinabi ko din po na dapat makilahok po tayo sa mga gawaing nakapagdudulot ng kabutihan sa ating pamayanan.

Nanay: “Tama iyan anak. Ang pakikilahok sa mga gawain sa pamayanan ang tanging paraan natin upang mapigilan ang pagkalat ng nakamamatay na sakit na ito.

Batay sa iyong nabasang teksto, sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Ano ang narinig ng pamilyang Reyes?

---

2. Ano ang layunin ng paalala sa radyo?

---

3. Ano ang ipinakita ng anak sa kaniyang kaibigan?

---

4. Katulad ng anak sa kwento, mahalaga bang nauunawaan natin ang iba't ibang paalala sa pamayanan lalo na ngayong panahon ng pandemya?

---

5. Mahalaga bang sumusunod tayo at nakikiisa sa mga ganitong paalala? Bakit?

---



## **Suriin**

Ang pakikiisa at mabuting pakikitungo sa kapwa ay dalawang mabubuting pag-uugali na taglay ng maraming Pilipino. Dalawang ugaling ipinagmamalaki nating lahat. Bukod pa rito, ang pakikilahok at mabuting pakikitungo sa kapwa ay maaaring maiugnay din sa ilan pang mabubuting ugaling Pilipino tulad ng disiplina, kasipagan, mapanuring pag-iisip, pagkakawanggawa, at iba pa.

Isa sa mga susi sa pag-unlad ng bayan ay ang pagtutulungan at pagkakaisa ng mga mamamayan nito. Ang pakikilahok sa pamayanan sa pamamagitan ng mga gawain, proyekto, at mga kampanya ay isang tungkulin na dapat nating tuparin. Bilang bata, maaari tayong makatulong at makibahagi sa mabuting pakikilahok sa pamamagitan ng mga simpleng paraan.

Sa panahon ng pandemya, maaari kang makilahok sa iba't ibang gawain sa pamayanan sa pamamagitan ng:

- Pagsunod sa mga protocols at alituntunin na ipinapatupad tulad ng pagsusuot ng face mask at shield kung kinakailangang lumabas.
- Pagpapanatili ng *social distancing* kung nasa labas.
- Pananatili sa loob ng bahay kung kinakailangan upang makatulong sa pagpapatigil ng pagkalat ng *virus*.
- Pagtulong sa pananatili kalinisan sa kapaligiran lalo na ng sariling bakuran at maayos na pagtatapon ng basura.
- Pagsunod sa mga paalala at alituntunin sa tahanan at pamayanan.

- Pakikiisa sa mga gawaing pampaaralan kung may pagkakataon.

Sa kabilang dako, ang paglimot naman sa ating tungkulin ay magdudulot ng kawalan ng pagkakaisa, kapayapaan, at kaayusan sa pamayanan. Samakatuwid, tayong lahat ay dapat magkaisa, magbayanihan, at magtulong-tulong tungo sa kaunlaran sa pamamagitan ng mabuting pakikilahok. Maaari ka ring makilahok rito kahit ikaw ay bata pa.



## ***Pagyamanin***

**Gawain A:** Tukuyin kung paano makikilahok ang kabataang tulad mo sa mga gawaing pampamayanan. Isulat ang mga paraang iyong gagawin sa ikalawang hanay.

| <b>Gawaing Pampamayanan</b>                                                                                                       | <b>Paraan ng Pakikilahok</b> |
|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------------------------|
| 1. Paglilinis ng kanal at estero                                                                                                  |                              |
| 2. Pagbabahagi ng tulong sa panahon ng sakuna                                                                                     |                              |
| 3. Sumunod sa kautusan ng pamayanan sa pagsuot ng <i>face mask o face shield</i> .                                                |                              |
| 4. Pagtatanim ng mga halaman                                                                                                      |                              |
| 5. Pagsunod sa kautusang bawal magpunta sa pampubliko at matataong lugar ang mga kabataang nasa elementarya ngayong may COVID-19. |                              |

**Gawain B:** Sumulat ng sariling karanasan tungkol sa iyong pakikilahok sa pagpapanatili ng kalinisan ng iyong pamayanan.

---



---



---



---



## ***Isaisip***

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong sa iyong sagutang papel.

Anong kaugalian ng isang Pilipino ang ipinakita sa kwentong “Sumunod sa Protocol”?

---

Ano ang maidudulot ng pakikilahok sa pamayanan?

---

Ano-ano ang mga halimbawa ng mga gawaing nakikilahok sa pamayanan?

---

Paano ka makatutulong sa mga gawainsa pamayanan? Magbigay ng isang halimbawa ng programa sa inyong pamayanan na maari mong lahukan bilang isang batang Pilipino.

---



## ***Isagawa***

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na mga sitwasyon. Ano ang iyong gagawin upang maipakita ang pakikilahok sa mga gawaing pampamayanan?

1. Nakita mong nasasayang ang tubig sa inyong gripo. Natatapon lang ito sa kalsada sa harapan ng inyong bahay habang hindi pa dumarating ang mga tauhan na magkukumpuni nito.

---

---

2. Nasunog ang bahay ng iyong kamag-aral at nabalitaan mo na magbibigay ng kahit anong donasyon ang mga kaklase mo.

---

---



## Tayahin

**A. Panuto:** Basahin ang bawat sitwasyon at piliin ang nararapat na sagot at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. May inihandang programa ang inyong kapitan sa inyong barangay sa pamamagitan ng *media* o *gadget*. Ano ang pinakamabuting gagawin bilang isang bata?
- A. Manggulo sa programa
  - B. Huwag sumali sa programa
  - C. Magkalat ng maling balita sa media o gadget
  - D. Sabihan ang iba tungkol sa programa sa pamamagitan ng *media* o *gadget*
- \_\_\_\_\_ 2. Bakit kailangang makiisa sa programa ng pamahalaan?
- A. Para mapaunlad ang bayan
  - B. Para mapasaya ang mga namumuno
  - C. Para magbigay ng problema sa pamahalaan
  - D. Para maging sikat ang mga nagbibigay ng programa
- \_\_\_\_\_ 3. Nagkaroon ang inyong barangay ng mga alituntunin na bawal lumabas ang mga bata at meron kang mga kaibigan na gustong pumunta sa iyo, ano ang iyong gagawin?
- A. Ako nalang ang lalabas ng bahay
  - B. Magpanggap na hindi nabatid ang anunsiyo
  - C. Hayaan ang mga kaibigan na pumunta sa inyo
  - D. Pagsasabihan ang mga kaibigan sa alituntunin na bawal lumabas ang mga bata
- \_\_\_\_\_ 4. Narinig mo ang anunsyo tungkol sa pagsusuot ng *mask* sa inyong lugar. Bilang isang batang residente, ano ang nararapat mong gawin?
- A. Pagsabihan ang mga magulang tungkol sa narinig na anunsyo.
  - B. Huwag ipaalam sa mga magulang ang narinig na anunsyo.
  - C. Babaliwalain ang narinig dahil paulit-ulit lang ito.
  - D. Lahat ng nabanggit.

\_\_\_\_\_ 5. Inatasan ang lahat ng mag-aaral na magsagot ng modyul, may iniutos pa ang iyong nanay sa iyo, ano ang iyong nararapat gawin?

- A. Ipagbigay-alam sa iyong nanay na may pinasasagutan na modyul at magpaalam nang maayos.
- B. Pagalitan ang iyong nanay dahil importante ang ginagawa.
- C. Umalis nang hindi nagpapaalam sa nanay.
- D. Wala sa nabanggit.

**B.** Panuto: Lagyan ng **tsek (✓)** kung tama ang isinasaad ng pangungusap at **ekis (X)** kung hindi.

- \_\_\_\_\_ 1. Sumusunod sa programa ng pamayanan ang Pamilyang Reyes.
- \_\_\_\_\_ 2. Umiiwas sa mga gawaing pambayan ang Pamilyang Reyes.
- \_\_\_\_\_ 3. Naibabahagi ang impormasyong narinig sa radyo sa kaligtasan ng pamayanan.
- \_\_\_\_\_ 4. Hindi naniniwala ang Pamilyang Reyes sa pagsunod sa protocol ay nakadudulot nang kabutihan sa bayan.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang anak ng Pamilyang Reyes ay handang tumulong upang mahikayat ang iba pang kabataan sa pagsunod sa paalala ng pamayanan.



## ***Karagdagang Gawain***

Gumawa ng *collage* ng iba't ibang programa sa inyong pamayanan.



## Susi sa Pagwawasto

|                                                                                                                                                                                                                                                   |                                                                                                                                                    |                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                                   |
|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <p><b>Subukin</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Wasto</li> <li>2. Wasto</li> <li>3. Di-wasto</li> <li>4. Wasto</li> <li>5. Wasto</li> </ol>                                                                                       | <p><b>Balikan</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. X</li> <li>2. ✓</li> <li>3. ✓</li> <li>4. X</li> <li>5. X</li> <li>6. ✓</li> </ol> | <p><b>Tuklasin</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Balita tungkol sa COVID-19</li> <li>2. Sumunod sa protocol</li> <li>3. Magandang halimbawa ng pagsumod sa kautusan ng pamayanan</li> <li>4. Masaya</li> <li>5. Maaring magkaiba-iba ang sagot</li> </ol>                                                                         |
| <p><b>Tayahin</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>A. 1. D</li> <li>2. A</li> <li>3. D</li> <li>4. A</li> <li>5. A</li> </ol> <p>B. a. ✓ b. x c. ✓ d. x e. ✓</p> <p><b>Karagdagang Gawain</b></p> <p>Maaring magkaiba-iba ang sagot</p> | <p><b>Isagawa</b></p> <p>Maaring magkaiba-iba ang sagot</p>                                                                                        | <p><b>Pagymanin</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>A. 1. sumali sa pintakasi</li> <li>2. magbigay ng donasyon</li> <li>3. tumulong sa paglagay ng basura sa tamang lalagyan</li> <li>4. Pagdidilig at pag-aayos ng mga halaman</li> <li>5. Sumunod sa mga kautusan ng pamayanan</li> <li>B. Maaring magkaiba-iba ang sagot</li> </ol> |

## ***Sanggunian***

Ylarde, Zenaida, and Gloria Peralta. 2016. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*. Quezon : Vibal Group. Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)